**Mga Susing Pangungusap para sa 2023 International Chinese-speaking Conference**

**Upang ihanda ang ating sarili para sa pagdating ng Panginoon,
kailangan nating ibigin ang Panginoong Hesus, kunin Siya bilang ating buhay, ipamuhay Siya, ipadakila Siya, maghintay sa Kanyang pagdating, at ibigin ang Kanyang pagpapakita;
ito dapat ang naisin ng ating puso at ang ating pamumuhay.**

**Upang ihanda ang ating sarili para sa pagdating ng Panginoon,
dapat tayong tumalima sa propetikong salita gaya sa isang ilawang nagniningning sa isang madilim na lugar hanggang sa magbukang-liwayway at si Kristo bilang ang tala sa umaga ay sikretong sisikat at magpapakita sa ating mga puso.**

**Upang ihanda ang ating sarili para sa pagdating ng Panginoon,
kailangan nating tamasahin Siya bilang ating espirituwal na pagkain upang pakainin ang iba;
matatamasa natin Siya kapag tinatanggap natin ang Kanyang salita sa pamamagitan ng lahat na panalangin at kapag nagninilay tayo sa Kanyang salita,
ang tikman at tamasahin ang Kanyang salita nang may maraming pagsasaalang-alang.**

**Upang ihanda ang ating sarili para sa pagdating ng Panginoon,
kailangan nating magkaroon ng napanauling pamumuhay araw-araw at
isang pagpapagal ng pagpapastol na may mapagmahal at mapagpatawad na puso ng Amang Diyos at nagpapastol at naghahanap na espiritu ng ating Tagapagligtas na Kristo.**

*© 2023 Living Stream Ministry*

**Mga Balangkas ng mga Mensahe**
**International Chinese-speaking Conference**
**Pebrero 17-19, 2023**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**INIHAHANDA ANG ATING SARILI PARA SA PAGDATING NG PANGINOON**

Mensahe Isa

## Inihahanda ang Ating Sarili para sa Pagdating ng Panginoon sa pamamagitan ng Pag-ibig sa Kanyang Pagpapakita at Hindi Iniibig ang Kasalukuyang Kapanahunan

Babasahin sa Kasulatan: 2 Tim. 4:8, 10, 18; Roma 12:2; 1 Juan 2:15; 5:19b; Apoc. 17:14; 22:20

**I. Kung mahalaga sa atin ang ikalawang pagdating ng Panginoon, iibigin natin ang Kanyang pagpapakita—2 Tim. 4:8:**

A. Ang ibigin ang pagpapakita ng Panginoon at ibigin ang Panginoon mismo ay hindi mapaghihiwalay—1 Cor. 2:9; 2 Tim. 4:8.

B. Kung hinihintay natin ang pagdating ng Panginoon, dapat tayong maging mga umiibig sa Kanyang pagpapakita—1 Tes. 1:10; 2 Tim. 4:8.

C. Ang pagpapakita ng Panginoon, ang Kanyang pagbabalik, ay isang babala, isang pampalakas-loob, at isang pagganyak sa atin—bb. 1, 18:

1. Dapat nating ibigin ang pagpapakita ng Panginoon at hintayin ito nang may maalab na pag-asam at kagalakan—Apoc. 22:20.
2. Dapat tayong magkaroon ng isang pamumuhay na umiibig sa pagpapakita ng Panginoon; sinasanhi tayo nito na huwag panghinaan ng loob bagkus manatiling tapat hanggang sa katapusan—2 Tim. 4:8; Apoc. 17:14.

**II. "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Kung ang sinuman ay umiibig sa sanlibutan, ang pag-ibig ng Ama ay wala sa kanya"—1 Juan 2:15:**

A. Ang sanlibutan ay isang masamang sistema na sistematikong inayos ni Satanas—bb. 15-17; Sant. 4:4:

1. Nilikha ng Diyos ang tao upang mamuhay sa lupa para sa pagsasakatuparan ng Kanyang layunin, ngunit ang Kanyang kaaway, si Satanas, upang kamkamin ang taong nilikha ng Diyos, ay bumuo ng sanlibutang sistema na laban sa Diyos sa lupang ito gamit ang kultura, edukasyon, industriya, komersyo, libangan, at relihiyon—Efe. 3:11; Gen. 1:26-28; 2:8-9; 4:16-24.
2. Lahat ng bagay sa lupa, lalo na yaong mga may kinalaman sa sangkatauhan, at lahat ng bagay sa himpapawid ay sinistemata ni Satanas tungo sa kanyang kaharian ng kadiliman upang okupahan ang mga tao at biguin sila mula sa pagsasakatuparan ng layunin ng Diyos at upang gambalain sila mula sa pagtatamasa sa Diyos—1 Juan 2:15-17.
3. Ang sanlibutan ay laban sa Diyos Ama, ang mga bagay sa sanlibutan ay laban sa kalooban ng Diyos, at yaong umiibig sa sanlibutan ay mga kaaway ng Diyos—bb. 15-17; Sant. 4:4.

B. "Ang buong sanlibutan," ang makasatanas na sistema, "ay nakahilig sa masamang isa"—1 Juan 5:19b:

1. "Ang buong sanlibutan" ay binubuo ng makasatanas na sanlibutang sistema at ang mga tao ng sanlibutan, ang natisod na pantaong lahi.

2. *Nakahilig* ay nangangahulugang nananatiling pasibo sa kinasasaklawan ng pagkamkam at manipulasyon ng masamang isa; ang buong sanlibutan at ang mga tao ng sanlibutan ay pasibong nakahilig sa ilalim ng nangangamkam at nagmamanipulang kamay ni Satanas, ang masamang isa.
3. Ang Griyegong salitang isinaling "masama" sa 1 Juan 5:19 ay tumutukoy sa isang nakapipinsala, masamang nakapananakit, nakakaapekto sa iba, iniimpuwensyahan sila upang mapasama at magkamali; ang gayong masamang isa ay si Satanas, ang diyablo, kung kanino ang buong sanlibutan ay nakahilig.

C. Ginagamit ni Satanas ang materyal na sanlibutan at ang mga bagay na nasa sanlibutan upang kalaunan ay ipailalim sa isang ulo ang lahat ng bagay sa kaharian ni Antikristo; sa panahong iyon, ang sistema ng sanlibutan ay umabot sa rurok nito, at bawat yunit nito ay mahahayag bilang laban sa Kristyano—2 Tes. 2:3-12.

**III. Ang pag-ibig sa pagpapakita ng Panginoon ay salungat sa pag-ibig sa kasalukuyang kapanahunan—2 Tim. 4:8, 10:**

A. Ang isang kapanahunan ay isang bahagi, isang seksyon, o isang aspeto ng sanlibutang sistema ni Satanas, na ginamit niya upang kamkamin at okupahan ang mga tao at ilayo sila mula sa Diyos at sa Kanyang layunin—1 Juan 5:19; 2:15.

B. Sa 2 Timoteo 4:10 *ang kasalukuyang kapanahunan* ay tumutukoy sa sanlibutan na pumapalibot, umaakit, at tumutukso sa atin; hindi natin makakaugnay ang sanlibutan kung hindi natin kakaugnayin ang kasalukuyang kapanahunan ng sanlibutan.

C. Inibig ni Demas ang kasalukuyang kapanahunan; dahil sa pang-akit ng kasalukuyang kapanahunan, tinalikdan niya si apostol Pablo—b. 10.

D. Hinikayat tayo ni Pablo sa Roma 12:2 na huwag magsiayon sa kapanahunang ito kundi matransporma sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan:

1. *Ang kapanahunang ito* sa bersikuo 2 ay nagpapahiwatig ng kasalukuyan, praktikal na bahagi ng sanlibutan, na tumatayong salungat sa buhay-Katawan at hinahalinhan ang buhay-Katawan—bb. 4-5.
2. Ang magsiayon sa kapanahunang ito ay nangangahulugang umakma sa modernong uso ng kasalukuyang kapanahunan; ang matransporma ay ang hayaan ang isang organikong elemento na maisagawa sa ating katauhan, sa gayon ay nagbubunga ng isang panloob na metabolikong pagbabago—b. 2; 2 Cor. 3:18.
3. Dahil ang kasalukuyang kapanahunan ay sumasalungat sa ekklesia, na siyang kalooban ng Diyos, hindi tayo dapat magsiayon dito—Roma 12:2.
4. Kung mamumuhay tayo sa Katawan ni Kristo, hindi tayo dapat sumunod sa kasalukuyang kapanahunan o magsiayon sa kapanahunang ito o maiwangis dito—bb. 4-5.

E. Kung iniibig natin ang kasalukuyang kapanahunan, tayo ay kakampi sa sanlibutan; kung iibigin natin ang pagpapakita ng Panginoon, tayo ay kakampi sa Kanya at makikipagbakang kasama Niya para sa Kanyang interes—2 Tim. 4:1-2, 4-8, 10.

**IV. Yaong mga umiibig sa Panginoon, naghihintay para sa Kanyang pagdating, at iniibig ang Kanyang pagpapakita ay mananaig—1 Cor. 2:9; 2 Tim. 4:8; Apoc. 22:20; 17:14:**

A. Ang ibigin ang pagpapakita ng Panginoon ay isang patunay na iniibig natin ang Panginoon at nabubuhay para sa Kanya ngayon; kaya, ito rin ang nagiging kundisyon para sa atin upang tanggapin ang Kanyang gantimpala—2 Tim. 4:8, 18.

B. Ang ibigin ang pagpapakita ng Panginoon ay hindi nangangahulugang hindi na tayo dapat mamuhay ng isang normal na buhay; sa halip, lalo nating iniibig ang Kanyang pagpapakita, lalong kailangan nating mamuhay ng isang normal na buhay ngayon—Mat. 24:40-42; 2 Tes. 1:10; 3:6-12; 1 Tim. 5:8.

C. Bilang mga umiibig sa Panginoong Hesus, kinukuha Siya bilang ating buhay, ipinamumuhay Siya, at pinadadakila Siya, dapat nating hintayin ang Kanyang pagdating at ibigin ang Kanyang pagpapakita; ito dapat ang maging naisin ng ating puso at ang ating pamumuhay bilang mga umaasang makapasok sa Kanyang kagalakan, ang maligtas tungo sa makalangit na kaharian ng Panginoon, at makatanggap ng korona ng katuwiran—2 Tim. 4:8, 18.

*© 2020 Living Stream Ministry*